Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Dipolog City 7100

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
07 APR 2019
Date: By:
RELEASED

**ADVISORY**

TO: **Public Schools District Supervisors**
**School Heads**
**Members, Electoral Boards**
**All others concerned**

FROM: **The Office of the Schools Division Superintendent**

SUBJECT: **LETTER FROM A CONCERNED CITIZEN RELATIVE TO THE ALLEGED ANOMALY IN THE DELIVERY/TURNOVER OF VOTE COUNTING MACHINES**

DATE: **May 6, 2019**

This has reference to the attached letter dated March 30, 2019 addressed to The Presidential Complaint Center, from RVG, a concerned citizen, relative to the alleged anomaly in the delivery/turnover of vote counting machines (VCM).

Relative thereto, all concerned are advised to report any irregularity with regard to the allegation as specified in the letter. They are likewise informed that they have no obligation in the delivery and turnover of VCMs to the respective municipal hubs.

Moreover, all Electoral Board Members are mandated to submit their reports on this matter using the DepEd Election Monitoring Mobile App as will be introduced to them by the Public Schools District Supervisor.

Immediate dissemination of this advisory is mandated.

**PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD**, CSEE
Schools Division Superintendent

Email : zn.etf@deped.gov.ph
Workplace Group : ETF-Zamboanga del Norte
Globe : 09156037399
Smart : 09219500692

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
Date: MAY 06 2019 By:
RECEIVED

March 30, 2019

The Presidential Complaint Center
Bahay Ugnayan, J.P. Laurel Street
Malacanang, Manila

Dear Sirs/Maam:

- Ako ay sumulat para isiwalat ang malaking sindikato sa loob ng tanggapan ng COMELEC pagdating sa delivery ng mga VCMs na gagamitin ngayong Mayo 13, 2019 na halalan. Ang malaking sindikato ay kinabibilangan ni chairman Toto Abas ng COMELEC kasama ang mga directors, election supervisors at mga election officers. AKO po ay sumulat dahil alam ko sa pamahalaang DUTERTE bawal po ang magnanakaw sa kaban ng bayan at sana maimbistigahan etong malaking sindikato sa loob ng COMELEC.

- Ang kontrata ng Logistic Provider ay ihatid ang mga VCMs mula sa National Hub hanggang sa pinakahuli at dulong Polling Centers na gamit gamit ang kanilang mga sariling sasakyan.

- Ang kontrata para sa Logistic Provider ay nagkakahalaga ng One Billion Three Hundred Thirty Five Million Nine Hundred One Thousand Three Hundred Seventy Three Pesos (Ph 1,335,901,373) na napanalunan ng 1.) F2 Logistics; 2.) Airfreight 2100 Inc; 3.) LBC Express Inc. sa halagang Seven Hundred Eighteen Million Three Hundred Thirty Six Thousand Twenty Nine Pesos (Php 718,336,029). Kung iisipin natin ay nakatipid ang gobyerno ng halos Php 617,565,344 pero ang katotohanan milyong milyong salapi ang kinita at binulsa ni Mr. Chairman ToTo Abas sa nasabing transaction para maipanalo at mai-award ang nasabing kontrata. Alam eto lahat ng mga Commissioners at mga Directors ng COMELEC na PERSONAL CHOICE ni CHAIRMAN TOTO Abas ang mga nasabing Logistic Providers pero malamang ay nakinabang din sila o natatakot kay Chairman Toto Abas na masabihan ng "MGA MUKHANG PERA KAYO".

- Ako ay sumulat para malaman ng ating mga kawawang guro, kapulisan at kasundaluhan na pagdating ng araw ng Final Testing and Sealing at araw ng halalan, hindi nila trabaho ang magdala, magbitbit at maghatid ng VCM sa mga Polling Centers dahil ang nasa kontrata ay ihahatid ng Logistic Provider ang mga VCMs mula sa National Hub papuntang Polling Centers.

At pagkatapos naman ng halalan ang mga naturang VCMs ay dapat naman kolektahin, ipunin at ihatid ng Logistics Provider mula Polling Centers pabalik ng Regional Hub or Municipal Hub. Pero ang totoong nangyayari sa field ay kakaiba. Ang mga kawawang guro, pulis at sundalo ang inuutusan ng mga walang hiyang Election Director, Supervisor at Officer na magdala, magbuhat at magbalik ng mga VCM mula Polling Centers pabalik ng Municipal hub. Samantalang ang Logistics Provider ang dapat gagawa nito dahil kasama ito sa kontrata na binayaran sa kanila.

- Alam ng mga taga COMELEC na masyadong mababa at di kakayanin ng Logistic Providers na sundin ang nasa kontrata kaya naman inutos ni Chairman Toto Abas sa kanyang mga directors, supervisors at election officers na gamitin ang mga GURO, PULIS at ARMY na taga buhat taga dala ng mga VCMs papuntang polling centers imbes na trabaho eto ng Logistic Providers ayon sa pinirmahang kontrata. Si Chairman Toto Abas mismo ang tagapag tanggol ng mga Logistic Providers sa kanilang kapalpakan, ginagamit nya ang kapangyarihan ng kanyang opisina upang ipilit ang ganitong sistema.

- Gusto ko rin ipaalam sa mga provincial at municipal treasurers na hindi obligasyon at bawal sila magpalabas ng pera ng gobyerno para gamitin ng mga Election Officer sa paghakot at pagdala ng mga VCM's papuntang polling centers. Bawal din ipagamit ng Provincial at Municipal Lokal Government Unit , PNP at AFP ang kanilang mga sasakyan para pagsakyan at paglagyan ng mga VCM para sa paghatid sa mga Polling Centers. Ito po ay bawal at maaari po silang makasuhan dahil ito po ay labag sa CHAIN OF CUSTODY ng VCMs na kung saan ang Logistic Providers lang dapat ang magdadala ng mga VCMs sa mga Polling Centers ayon sa napirmahang kontrata.

- Ako po ay nananawagan sa inyong lahat at tulungan niyo po akong maiparating natin ito sa bawat guro, pulis at sundalo na hindi po nila trabaho ang magdala, magbitbit at magbuhat ng mga VCMs. Dapat na matigil ang mga ganitong kurupsyon at pang aabuso ng COMELEC sa mga guro, pulis at sundalo.

- Tayo po ay magbantay at magmasid na ang ating mga mahal na guro, kapulisan at kasundaluhan ay di gagamiting taga buhat, taga dala taga bitbit ng VCMs. Tama na ang pang aabuso ng mga taga COMELEC sa mga Guro, pulis at sundalo. I post po natin eto sa Facebook at ibang social media para po ma inform ang ating mga guro, pulis at sundalo. Tama na ang korupsyon sa COMELEC...

- Sa lahat po ng mga Guro, pulis sundalo, namfrel at ppcrv gumawa po tayo ng report, documentation, video ng pag deliver ng mga VCMs papuntang polling places mismo. At isumbong natin sa ating immediate supervisor, director, battalion commander kung tayo ay uutusan o pipilitin ng comelec mag dala o magbuhat ng VCMs papuntang polling centers. Papanagutin natin ang mga taga COMELEC pag di nasunod o sinunod ang nilalaman ng kontrata wag po tayong matakot.


***"We believe in the power of reason, not in the use of force as reason."***

**Sumasainyo,**


RVG, a concerned citizen

**Cc:** **All Deped Regional Directors**
**The Deped Secretary**
**All PNP Regional Directors**
**All PNP Provincial and City Directors**
**Congressman ACT**
**PPCRV**
**NAMFREL**
**All Provincial Treasurers**
**The Chief of AFP**


DELIVERY OF VCM AS PER CONTRACT WITH LOGISTICS



KALOKOHAN NG COMELEC SA FIELD
REVERSE LOGISTICS



KALOKOHAN NG COMELEC SA FIELD
DURING DELIVERY OF VCM



# AFTER ELECTION REVERSE LOGISTIC AS PER CONTRACT

Logistics to collect the VCM's from the Polling Centers and delivers it to the Provincial or Municipal Hub

a. ) From the Provincial or Municipal Hub, the delivery will be made by Logistics to Regional Hub

or

b.) From the Polling Centers, the delivery will be made directly to the Regional Hub.

From the Regional Hub it will be delivered to the National Hub again

